AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 1-2
### Aralin 7

| Pambungad |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong* ***"Ang Alamat ni Nina Gigantes" na isinulat ni Patricia Ramos.*** *Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 1 and 2 - Aralin 7** |
| --- |
| Book Title: Ang Alamat ni Nina Gigantes |
| Author: Patricia Ramos |
| Source: Buri Books |
| Good afternoon po sa lahat! Si Teacher Robyn po ulit para sa Reading natin today! 🤓🧡 Ang babasahin natin ay "Ang Alamat ni Nina Gigantes" 🦶🏽ni Ginang Patricia Ramos 👩🏽🏫<br><br>🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**<br>Ano ulit ang promises natin? ☺<br>(1) dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng story 📣<br>(2) dadamdamin at sisikaping intindihin ang kuwento at, 🤓<br>(3) 'wag matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽<br><br>💬 **TALASALITAAN**<br>Bago tayo mag-umpisa, tingnan muna natin ang iilang mga salita sa kuwento na baka hindi pamilya sa atin! Mag-tanong sa ating nakatatanda kung ano kaya ang ibig sabihin ng mga to! 🤔<br><br>**(1) Hele** |

**(2) Ninuno**
**(3) Talampakan**
**(4) Salamangkerong (salamangkero)**
**(5) Anito**

Medyo mahaba ang kuwento nating nagyong araw, kaya sabay-sabay nating gagawin ang ✏️ **GAWAIN** habang binibasa natin ang kuwento!

Umpisa na tayo!

--

📚 **ANG ALAMAT NI NINA GIGANTES NI PATRICIA RAMOS**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

• Tahimik at walang bituin ang kalangitan sa bayan ng San Fernando nang isinilang ni Senora Martinez ang isang batang babae. Pinalanganan niya ang bata na Nina. 👶🏽

🔎 Napansin ba natin kung saan nagaganap ang ating kwuento 🏞️?
Ang Bayan ng San Fenando

• Tuwing gabi, inaawitan ni Senora Martinez ng hele si Nina, habang sumasabay si Senor Martinez sa piano. Laging mahimbing ang tulog ni Nina, kaya't lumaki siya ng lumaki, paunti-unti ngunit patuloy-tuloy. 👶🏽➡👧🏽➡👩🏽
• Pero walang nag-akala na magiging ganon siya kalaki, o na magiging ganoon kabilis ang paglaki niya. Sa katunayan, pagkatapos ng unang taon niya, mas malaki ba si Nina sa kuna niya. 👩🏽🛏️
• Tanging mga lolo ni Nina ang hindi nagulat. "Nasa pamilya iyan!" sabi nila. Halimbawa, isa sa mga ninuno ni Senor Martinez ay si Mutyang Malaqui. Labindalawang talampakan ang taas niya! Mayroon siyang alagang baboy-ramo at mahilig makipagbuno sa mga buwaya bilang pampalipas-oras. 🦶🏽🐷🐊

• Isa naman sa mga ninuno ni Senora Martinez si Telesforo Tayog. Sampung talampakan ang taas niya. Nagpapatumba siya ng mga puno gamit lamang ang kaniyang mga kamay at tumatalon nang napakataas, abot sa mga ulap na sumasabit pa sa kaniyang buhok sa paglapag niya. 🦶🏽⛰️
• Nang dinala nina Senora Martinez si Nina sa simbahan, bininyagan siya ng mga taga-San Fernando ng palayaw. (Inamin din ng magulang niya na nakakatuwa ang palayaw na ito.) 💒
• Nang tatlong taong gulang si Nina, mas matangkad na siya sa bahay nila. Nagpasya ang mga magulang niya na lumipat sa mas malaking bahay, lalo na at may nakababatang kapatid na si Nina -- si Petra. 👩🏽❤👩

• Inalagaan sina Nina at Petra, na sinlaki lang ng ordinaryong bata, nina Senor at Senora Martinez. Tinuruan silang magbasa, magsulat, at magbilang ng ama at ina nila. 📝
• Sa San Fernando, patiyad at payuko ang lakad ni Nina dahil takot siyang makatapak ng sinuman nang hindi sinasadya. Dahil dito, dinadala siya ng mga magulang niya sa labas ng bayan upang maligo sa dalampasigang walang tao, tumakbo sa bukiring malalawak, at umakyat sa punong matatayog. Doon, walang nakikialam kahit lumangoy siya at umalon nang mataas; o sumayaw siya at yumanig ang lupa; o umupo siya sa puno at lumangitngit ang mga sanga nito sa bigat niya. 🦶🟫🌳

🔎 Napansin ba natin ang mga karakter 👨👩👧👦 sa kuwento sa ngayon? Si Nina ang ating batang higante, ang kaniyang magulang at ibang kamag-anak, at ang kaniyang kapatid na si Petra!

• Sa ikawalong kaarawan ni Nina binigyan siya ng regalo ng pamilya niya -- isang baul ng puno ng libro. Tungkol ito sa mga kuwento ng kabayanihan at paglalakbay, sa pagluluto, sa pananahi, sa likhang-sining at marami pang iba. 📚
• Ang paborito niyang mga bayani ay may salamangkerong binubuhay ang mga larawan at pinta nila gamit ang mahika. Kinahiligan ni Nina ang mga kuwento nila. Sa Katunayan, araw-araw siyang nagsanay gamit ang mga lapis at krayola upang maging katulad nila balang-araw. ✨
• Labindalawang taong gulang na si Nina nag may mamayaang dambuhalang bagyong paparating sa San Fernando. Agad na tinipon ng alkalde ang mga kapitan niya upang masiguro ang kaligtasan ng bayan. ⛈️⛈️⛈️

• "Ililikas natin ang mga taong nakatira sa gilid ng ilog!" sabi ng isang kabipat.
"Mag-imbak tayo ng sapat na kagamitan upang maging handa sa kagipitan!" sabi ng isa pang kapitan.
"Kausapin na lang natin ang higante upang labanan na lamang niya ang bagyo!" sabi ng kapitan ng San Fernando. Napalingon ang lahat sa kaniya. Pagkaraan ng ilang saglit, "Mayroong tayong higante?" tanong ng isang alkade.
• Naglakbay ang alkade at ang mga kapitan patungo sa San Fernando upang kausapin si Nina at sinabi sa kaniya ang plano nila. Samantala, naghihintay sa kanila ang mga magulang ni Nina.

• "Labanan ang bagyo?" ulit ni Nina pagkatapos magsalita ng alkalde. "Hindi ko po kaya. Wala pa akong alam sa pakikipaglaban." 😞
"Totoo po iyon," sabi ng mga magulang niya. "Hindi niya kayang manakit ng kahit sino."
• "At kahit na gawin iyon ni Ate, hindi rin naman siya magiging magaling doon," sabi ni Petra.

“Pero -- isa kang higante!” sabi ng isa sa mga kapitan. “Dapat kaya mong lumaban kahit kanino! Kahit bagyo!”⛈️⛈️⛈️
• Umiling si Nina. “Ayaw ko pong manakit ng ibang tao. At saka, ano po bang ginawang kasalanan sa akin ng bagyo?” “Ilalagay ng bagyo sa panganib ang lahat ng tao kung hindi tayo lalaban,” sabi ng alkalde.
“Pakiusap, hija.”
“Magpapaalam po muna ako sa magulang ko,” sabi ni Nina.

• “Mabuting idea ito, anak,” sabi ng ina niya. “Magiging bayani ka,” sabi ng ama niya. “Titingalain ka ng lahat ng tao!” “Pero hindi po ba ngayon pa lang ay tinitingala na nila ako?” himutok ni Nina. “Sige na. Madali lang ‘yan,” sabi ng ama niya. Basta siguraduhing mong nakatukod ang mga tuhod mo. Parang ganito --” sabi ng ama, sabay dukwang habang sinusubukang magmukhang nakakatakot. “Sa tingin ko po, kailangan ni’yo pang mag-ensayo,” mungkahi ni Petra. Pinag isipan ni Nina ang pasya niya.

🔎 Dito natin nakikita ang pag-umpisa ng problema ng ating bida na si Nina! Nakikiusap ang mga alkade ng San Fernando na labanan ni Nina ang bagyo dahil siya ay higante! Ngunit nang-aalangan si Nina!

• Kinalaunan, sinabi niya sa alkalde: “Sige po. Kakalabanin ko ang bagyo.”
• Nagsuot ni Nina ng kapote, tumungo sa plaza, at naghintay. Samantala, nagtago ang mga tao sa loon ng mga tahanan nila.
• Umugong ang hangin. Bumubuhos ang ulan. Bumubuga ng kidlat at kulog ang maiitim ay makakapal na ulap. Samantala, nagbanat ng buto si Nina bilang paghahanda. ⛈️⛈️⛈️
• Sa wakas, dumating na ang bagyo. Itinukod ni Nina ang mga tuhod niya at sinalubong ang bagyo nang harapan, katulad ng sabi ng ama niya. 💪🏽

• Kinagat ng malalamig at mabibigat na ulap ang balat niya. Sa kabila nito, patuloy siyang tumulak. 💪🏽
• Gamit ang huling lakas ng mga pagod niyang tuhod, inilusot ni Nina ang ulo niya sa ibabaw ng ulap. Ayon sa mga alamat, ang mata ang pinakamahinahong bahagi ng bagyo. Totoo ito dahil narito ang anito na nag-uutos sa patutunguhan at gagawin ng bagyo, at kailangan nito ng katahimikan upang magawa ‘yon. 🧚‍♂️
• “Bakit mo hinaharangan ang bagyo ko?” tanong ng anito. “Pasensiya na po,” sabi ni Nina. “Ginagawa ko lang po ang trabaho ko.”

• “Ginagawa ko lang din ang trabaho ko. Kailangan kong pumunta ng kabilang ibayo,” sabi ng anito, sabay muling giya sa bagyo patungong San Fernnando.🧚‍♂️
• “Pakiusap! Hindi kita pipigilang gawin ang trabaho mo, ngunit pakinggang mo muna ako,” sabi ni Nina. “Baka naman puwede kang dumaan na lang sa dagat.

Maari mo bang gawin iyon?" Sandaling tumigil ang anito. Pagkatapos, sabi niya, "Sige. Pero hindi ko maitutulak nang mag-isa ang bagyong ito. Kailangan ko ng tulog sa pagtulak palayo rito." "Kaya kitang tulungan," sabi ni Nina, kahit pagod na siya. 🦶🏽⛈️⛈️⛈️

• Itinido ng anito ang pagkakaliko ng manibela niyo. Kada pagod na hakbang, tinutulungan siya ni Nina na itulak ang bagyo patungo sa dagat, palayo sa San Fernando. 🌊

🔎 Ang susunod na parte ng kwento kuwento ay ang wakasan ng kuwento.🕐 Ating basahin ng mabuti!

• Sinalubong ng sigawan ng taumbayan si Nina: "Nina Gigantes, Nerdugo ng Bagyo!" Iniligtas mo kami, hija!" bulalas ng alkalde. "Marahil pagkaraan ng ilan pang mga bagyo, matututo kang talunin sila nang mas mabilis pa!" "Pero ayaw ko pong lumaban lang sa bagyo habambuhay," sabi ni Nina. Sanaling tumigil ang alkalde, pagkatapos ay ngumiti. "Naiintindihan ko," sabi nito. "Pagpalain la nawa sa anumang desisyon mo." 🥳
• Kinaumagahan, nagpaalam si Nina sa mga magulang niya upang iwan ang San Fernando. "Masyado na pong maliit ang bayan para sa akin," paliwanag niya. "Ano'ng gagawin mo?" tanong ni Petra. "Siguro, puwede akong magsanay para maging salamangkero," sabi ni Nina. "Gusto ko ring bigyang-buhay ang sining ko, gaya sa kanila." 🎭🎨📚
• "Pero, huwag po kayong mag-alala. Babalik po ako kapag kinailangan ninyo ako," sabi niya, handa na sa paglalakbay. 💪🏽☺

🔎Ano kaya ang gustong mapahiwatig ng manunulat ng kuwento?✍🏽 Ano ang sinabi ni Nina? "Ayaw ko pong lumaban lang sa bagyo habambuhay." Ano kaya ang tema natin?

✔️🙏🏽 **PAGTATAPOS**
Si Nina ay nag-iisang higante sa San Fernando pagkalipas ng matagal na panahon, at dahil dito, sa mata ng bayan, may responsibilidad si Nina na gamitin ang biyaya ng pagiging higante para protektahan ang bayan. Ngunit, ano ang sinabi ni Nina sa huli? Gusto niyang subukan maging salamangkero-- ang kanyang tunay na pangarap.

Tulad ng hindi pagpili ni Nina maging higante, hindi niya rin pinili na mahilig sa mga libro, hindi niya pwinersa sa puso niya na maging salamangkero. Ngunit, sinundo niya ang kanyang puso na isalba ang kanyang bayan, at maglakbay mag-isa para sa kanyang pangarap. Ito ang tema para kay Teacher. Ano ang tema para sa inyo? 🤔

Yay! Tapos na! May part ba ng lesson na nahirapan kayo? Wag mag-alala! Babalikan natin ang 5 Elemento ng Kuwento sa mga susunod na Lesson!

May gusto ba kayong ma-share na sagot? Message niyo lang si teacher! Bukas ulit! 💕 GOOD JOB!

-

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.